THE UNIVERSITY OF CALIFORNIA

Hulyo 28, 2006

# Pagprotekta sa mga Benepisyong Pensiyon ng mga Empleyado sa UC

## Mga itinampok sa talakayan ng mga Rehente nitong Hulyo tungkol sa mga kontribusyon sa UCRP

- Ang mga kontribusyon ay magsisimula sa maliit at unti-unting tataas upang makatulong na bawasan ang unang epekto sa pananalapi ng mga empleyado gayon din ng UC.Hinahangad na ang mga unang kontribusyon ng empleyado ay ang halaga lamang na inilalagay ngayon ng mga empleyado sa Defined Contribution Plan -- **mga 2% lamang ng bayad** para sa karamihan ng mga empleyado.

- Bunga nito, **ang mga empleyado ay walang makikitang kabawasan sa iniuuwing bayad** mula sa unang muling pagsisimula ng mga kontribusyon, dahil ang halagang ito ay kasalukuyang ibinabawas na. Ang pera ay ilalagay lamang sa UCRP sa halip na sa DC Plan. Mananatili sa mga empleyado ang anumang pera nila na nasa Defined Contribution Plan, at sila pa rin ang kokontrol kung paano ito ipupuhunan.

- Ang UC ay mag-aambag din sa UCRP, ng halagang hindi kukulangin sa kapantay ng iniaambag ng mga empleyado.

- Ang UC ay **hindi** nagpaplanong bawasan ang mga suweldo upang bayaran ang mga kontribusyon sa UCRP.

- Ang pagbabalik ng mga kontribusyon sa UCRP ay nakasalalay sa kahandaan ng pondo, sa proseso ng badyet, at sama-samang pakikipagkasundo para sa mga kinakatawang empleyado.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa muling pagsisimula ng mga kontribusyon at UCRP, pumunta sa **"The Future of the UCRP"** sa: http://atyourservice.ucop.edu.

:: :: ::